# Mensahe mula sa Kalihim ng Estado

Minamahal na Botante ng California,

Salamat sa paglalaan ng oras upang malaman ang tungkol sa mga kandidatong lilitaw sa balota ng Pangunahing Halalan sa Hunyo 2026. Ang Patnubay na Impormasyon para sa Botante na ito ay idinisenyo upang magbigay sa inyo ng mahalaga at walang kinikilingang impormasyon upang matulungan kayo na gumawa ng matatalinong pasya sa pagboto.

Ipinagmamalaki ng California na magbigay sa mga botante ng ligtas, naa-access, at walang kinikilingang halalan. Ang bawat aktibong rehistradong botante ay makakatanggap ng balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo, kung saan ligtas at madali silang makakaboto. Maaari ninyong ibalik ang inyong balota sa isang opisyal na drop box ng balota, sa pamamagitan ng personal na pagboto sa isang lokasyon ng pagboto, o pagpapadala nito sa pamamagitan ng United States Postal Service. May mga pagkakataon sa maagang pagboto sa maraming komunidad, at nananatiling opsyon ang Araw ng Halalan para sa mga mas gustong bumoto nang personal.

Ang inyong boto ay ang inyong boses. Ang paglahok sa mga halalan ay nakakatulong sa paghubog sa kinabukasan ng ating mga komunidad, estado, at bansa. Ang Opisina ng Kalihim ng Estado ay mahigpit na nakikipagtulungan sa mga opisyal ng halalan ng county upang matiyak na ang bawat karapat-dapat na taga-California ay may pagkakataong magparehistro, bumoto, at mabilang ang kanilang balota sa tama at ligtas na paraan.

Ang patnubay na ito ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga kandidato sa buong estado at ng mga mapagkukunan sa pagboto na magagamit ninyo. Hinihikayat ko kayong suriin ito nang mabuti at maghanap kayo ng karagdagang mapagkakatiwalaang impormasyon tungkol sa halalan sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng Kalihim ng Estado sa *voterstatus.sos.ca.gov* o pakikipag-ugnayan sa opisina ng halalan sa inyong county.

Ang lakas ng California ay nagmumula sa paglahok ng mga botante nito. Kapag bumoboto kayo, nakakatulong kayo na tiyaking sumasalamin ang ating demokrasya sa mga tinig at pinapahalagahan ng ating diverse na estado.

Salamat sa pagiging isang aktibo at may kaalaman na botante.